EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MOSCOW, RUSSIAN FEDERATION

**ADVISORY NO. 7-19**
**10 February 2019**

**PAALALA TUNGKOL SA "RELIGIOUS ACTIVITIES"**

Ang Russia po ay gumagalang at gumagarantiya ng kalayaan pang relihiyon. Kaugnay nito meron po silang batas na ang layunin ay sawatain ang "exremists organizations."

Noong 2017, kami po ay naglabas ng ADVISORY tungkol sa decision ng Korte Suprema ng Russia na ang grupong Jehovah's Witness ay isang "extremist organization" dahil sa paraan na ginagamit nila sa pagtataguyod ng kanilang relihiyon. Nananawagan po kami na dapat po natin sundin ang batas ng Russia tungkol dito.

Nais po naming ulitin ang panawagan na ito, lalo na sa ating mga kababayan na kasapi ng Jehovah's Witness sa bansang ito.

Noong isang linggo, isang banyaga (hindi Filipino) na kasapi ng Jehovah's Witness ay nasentensiyahan ng isang korte ng Russia ng pagkakulong ng anim na taon dahil sa pag-labag sa batas ng Russia.

Ayon sa mga dalubhasa sa batas na aming nakausap, maari pa rin pong malayang sundin at itaguyod ang inyong pananampalataya, ngunit kailangan lamang iwasan ang mga sumusunod:

- Ang pagpilit na kausapin o bigyan ng kasulatan ang ibang tao lalo na pag sila ay tumatanggi;
- Ang magbitaw ng salita na humihiyakat sa ibang tao na gumawa ng bagay na maaring labag sa batas ng Russia;
- Ang paggambala sa inyong kapitbahay kahit na kayo ay nasa sariling tahanan;
- Ang pagtitipon sa pampublikong lugar na nakakatawag pansin o gumagambala sa ibang tao;
- Ang pag-insulto, pag-lait o pag-alipusta ng ibang relihiyon o mga miyembro nito dahil sa kanilang relihiyon.

Ang paggamit po ng social media sa paraan na nakakalabag sa batas na ito ay maaari din parusahan.

Lagi po kaming handang tumulong kung kayo ay magka-problema sa usapin na ito. Tumawag lang po sa amin:

| | | |
|---|---|---|
| Mobile | : | +79067382538 |
| Facebook | : | Philippine Consular Moscow |
| Email | : | moscowpe@mailfrom.ru |

Maraming salamat po.

**CARLOS D. SORRETA**
Ambassador